# BUGSO NG DAMDAMIN

*by:*
**Shiela M. Rivera**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Viral na naman ngayon ang mga guro dahil sa kabi-kabilang masasamang isyu na kinasasangkutan ng mga ito. Ilan sa mga kadahilanan ay ang paglubog ng karamihan sa utang, pagpopost ng mga hindi kaaya-ayang larawan at videos sa social media, at iba pang masasamang gawain. Sinasabing tao lang din sila, hindi perpekto at kadalasang nadadala lang daw sila ng kanilang bugso ng damdamin o tukso. Madalas nating naririnig ang mga salitang "tukso at bugso ng damdamin" tuwing may nagagawang kamalian ang isang tao, ngunit ano nga ba ang mga ito? Bakit bigla na lamang nakagagawa ang isang tao ng kasalanan dahil lamang sa biglaang desisyon nito? May magagawa pa ba tayo upang mapigilang makapagbitaw ng masasakit na salita at masamang gawa dahil lamang sa bugso ng ating damdamin?

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ayon sa monolingual na diksiyonaryo, ang bugso ng damdamin ay isang biglaan pagbibitaw ng salita o aksyon na may maigting na pagdaloy o paglabas ng damdamin. Ito ay panandaliang pagdedesisyon ng isang bagay na hindi iniisip ang maaaring magiging kahahantungan ng bibitawang salita o gawain. Ang bugso ng damdamin ay maaaring sanhi ng sobrang katuwaan o galit ng isang tao. Sa kabilang banda, ang tukso naman ay isang temptasyon o eksena na ginagambala ang ating maayos na pag-iisip o kapayapaan ng kaluluwa. Sinusubukan nitong itakwil ang tamang gawain kapalit ang personal na kaligayahan kahit na mali ito.

Hindi nakaligtas sa mata ng mamamayan ang ginawang video ng isang guro kung saan ay pinapagalitan niya ang kanyang mga mag-aaral. Umani ito ng iba't ibang reaksyon hinggil kung tama ba ang ginawa nito o hindi. Sa video nito ay makikitang

kinakastigo ng guro ang diumano'y masamang ugali ng mga estudyante. Dahil sa bugso ng damdamin ay nasabihan ng guro ang kanyang mag-aaral na "walang mararating sa buhay" na umani naman ng galit mula sa mga magulang at iba pang netizen. Ayon sa kanila ay hindi dapat at hindi tama ang inasal ng guro. Nararapat na manatili siyang kalmante sa lahat ng pagkakataon. Sinasabing nagtiktok pa siya upang sumikat ang kanyang video at kumita ng pera. Gayunpaman, marami rin namang nagtanggol sa guro dahil dala lang ito ng bugso ng damdamin at iba na talaga ang ugali ng mga kabataan ngayon. Wala ng takot at paggalang ang karamihan kaya naman nakapagbukas rin ito ng kaisipan na hindi sa lahat ng pagkakataon ay dapat pagbigyan ang mga mag-aaral na umaabuso sa kanilang sinasabing "karapatan" at ginagawa-gawang tauhan ang mga guro. Sa panahon ngayon at patuloy na pag-iba ng ugaling mga kabataan ay nawa mabigyan ng pantay na paghuhusga sa mga kalagayan ng mga guro at mag-aaral. Maiiwasan ang tukso at bugso ng damdamin kung palaging mayroong maayos naa samahan ang bawat isa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2024/03/21/2342244/tao-lang-siya-deped-hindi-paparusahan-galit-na-guro-sa-viral-tiktok-video